

PICTORGRAPHS NG MGA SALITANG TAYABASINAT PAGPAPAKAHULUGANG DENOTASYON AT KONOTASYON

Jerson G. Anareta¹, Imelda G. Carada Ph.D²

¹(Filipino-SHS Department, Luis Palad Integrated High School, Philippines)

²(College of Teacher Education, Laguna State Polytechnic University-San Pablo City Campus, Philippines)

Corresponding author:

ABSTRACT: This study is about Pictographs of Tayabasin Words and its Denotation and Connotation Meaning. The study utilized descriptive-correlational method which determined whether the Pictographs of Tayabasin words and Denotation and Connotation interpretation are significant and the significant difference in the level of interpretation of the students before and after the test. Respondents were 60 Grade 11 students from Luis Palad Integrated School were selected through purposive sampling technique. Researcher used a self-made 9item checklist questionnaire and 20item tests which were evaluated and validated by the experts. Data were gathered and analyzed. Mean and standard deviation were used to know the level of acceptability of the respondents in Pictographs of Tayabasin Words in terms of (a) objectives, (b) meaning and (c) appropriateness of pictures. Frequency and percentage were used to get the level of interpretation of the students on denotation and connotation. Paired sample test was used to show the significant difference of the pre-test and posttest. And Pearson-r were used to know the significant relationship of Pictographs of Tayabasin words and its Denotation and Connotation meaning. Based on the over-all results, the Pictographs of Tayabasin Words has no significant relationship on the Denotation and Connotation meaning.

Keywords – Connotation, Denotation, Meaning, Pictographs, Tayabasin Words

I. PANIMULA

Ang wika ang daluyan at bukal ng pag-unawa ng isang tao. Sa pamamamgitan ng wika nakabubuo at naipapahayag ang pananaw at pag-unawa sa mga karanasang pansarili at sa kapaligiran. Dahil dito, ang wika ay laging mahalagang aspeto ng anumang uri ng pag-aaral. Ang wikang ginagamit ay maaaring makatulong o kaya nama'y makasagabal sa ikapagtatagumpay ng isang pag-aaral o paghuhubog.

Sa pamamagitan ng wika, naitatala ng tao ang mga karanasan at kasaysayan ng sinaunag panahon. Wika ang sumasalin sa mga pangyayari sa lipunang kanyang ginagalawan. Naipapahayag ng tao ang kanyang saloobin tungkol sa isang bagay na nais niyang bigyang pansin. Ang wika ang siyang puno't dulo ng mga pangyayaring kinasasangkutan ng tao sa lipunang kanyang kinabibilangan.

Ayon kay Emery (2014), isang epektibong larangan ang pagpapakahulugan ng salita upang maipakita ang galing at karunungan ng isang tao gamit ang mga naisatitig na salita. Ito ang kasanayang humuhubog sa kadalubhasaan ng isang manunulat na nagtatangkang ilahad ang kanyang kaisipan, paniniwala at layuninsa tulong ng iba't ibang ayos ng mga pangungusap. Mula sa bawat mga talata patungo sa pagbuo ng isang sulatin.

Ayon naman kina Peck at Buckingham (2008), ang pagsulat ay isang ekstensyon ng wika at karanasang natamo ng isang nilalang sa kanyang kasanayan sa pagsasalita, pagbasa at pakikinig. Produkto ng kaalamang hinuha ang pagsulat sa tatlong nabanggit na kasanayang pangwika.

Ayon kay Mabilin et.al (2010), Inilalahad ng sinumang nagnanais sumulat ng kanyang mga saloobin at paniniwala. Ito ay repleksyon ng kaalamang nakuha ng isang tao sa kanyang pang-araw-araw na pamumuhay. Dapat lamang na ito'y linangin at gawing kapaki-pakinabang tulad ng limang kasanayang pangwika. Ang pagsulat ay pagpuproseso at pagsasama-sama ng mga kaalaman kung saan ipinapahayag o inilalapat ang kaalaman sa isang partikular na paksa.

Mahalaga ring malaman na nagiging epektibo ang paggamit ng mga salitang lokal sa pag-aaral. Mas madaling mauunawaan ng mga mag-aaral ang isang akda kung di na sagabal ang mga salita sa kanila. Samakatuwid, mas mas madali ang pang-unawa, mas madali ang paghahayag ng mga saloobin at reaksyon.

May paniniwala ang mananaliksik na magiging makabuluhan ang magiging resulta ng pananaliksik na ito. Sa ibayong pagpapatuloy ng gamit ng mga salitang - Tayabasin upang mas lalong mapanatili ang kahalagahan ng wika sa mga mag-aaral. Upang mas lalo ring mapayabong ang kaalaman at kamalayan ng mga mag-aaral sa paggamit ng mayamang salitang lalawiganing-Tayabasin at ang kasanayan sa pagsulat ng mga komposisyon.

II. LAYUNIN NG PANANALIKSIK

Ang pananaliksik na ito ay nakatuon sa Pictographs ng mga salitang Tayabasin at pagpapakahulugang Denotasyon at Konotasyon. Isinagawa ang pag-aaral na ito upang 1) malaman ang antas ng pagtanggap ng mga tagasagot sa Pictographs ng mga Salitang Tayabasin batay sa layunin, kahulugan at kaangkupan ng mga larawan; 2) masukat ang antas ng pagpapakahulugan ng mga mag-aaral sa pagsusulit bago at pagkatapos batay sa denotasyon at konotasyon; 3) malaman kung may makabuluhang pagkakaiba ba ang antas ng pagpapakahulugang Denotasyon at Konotasyon ng mga mag-aaral bago at pagkatapos na pagsusulit at; 4) malaman kung makabuluhang kaugnayan ba ang Pictographs ng mga Salitang Tayabasin sa antas ng Pagpapakahulugang Denotasyon at Konotasyon.

III. METODO NG PANANALIKSIK

Ginamit sa pag-aaral na ito ang Correlational at Eksperemental na pamamaraan upang mabatid kung may makabuluhang kaugnayan ba ang Pictographs ng mga salitang Tayabasin at pagpapakahulugang Denotasyon at Konotasyon at gayundin ang makabuluhang pagkakaiba ng antas ng pagpapakahulugan ng mga mag-aaral bago at pagkatapos na pagsusulit. Ang mananaliksik ay lubos na naniniwala na ito ang pinakaangkop na dapat gamitin sa isinagawang pag-aaral sapagkat inalam ang pananaw sa paggamit ng Pictographs ng mga Salitang Tayabasin na ginamitan ng talatanungang tseklis. Nilayon ding malaman kung makapagpaunlad ang paggamit ng mga salitang tayabasin sa pag-unawa ng mga mag-aaral na Tayabasin sa antas ng kanilang talasalitaan. Mabatid kung may makabuluhang pagkakaiba ang antas ng pagpapakahulugang Denotasyon at Konotasyon bago at pagkatapos na gamitin ang instrumentong Pictographs ng mga Salitang Tayabasin. At mabatid din, kung may makabuluhang kaugnayan ang paggamit ng Pictographs ng mga Salitang Tayabasin sa pagpapakahulugang Denotasyon at Konotasyon ng mga mag-aaral

Ang naging tagasagot sa pag-aaral na ito ay ang mga mag-aaral na nagmula sa grade 11 ng Luis Palad Integrated High School ng taong panuruang 2020-2021, napili ng mananaliksik ang mga mag-aaral ng Grade 11 ng Luis Palad sapagkat ito ay nabibilang sa mga kabataang “in” o mga sunod sa uso ang mga ginagamit na salita. Kung kaya’t ang ginamit ang purposive sampling upang malaman kung magiging epektibo ba ang paggamit ng Pictographs ng mga Salitang Tayabasin sa kanilang pagpapakahulugan sa paraang Denotasyon at Konotasyon at pagsasaalang-alang na sila ay kalimitang gumagamit ng mga salitang in sa kasalukuyan. Bukod dito nais na mabatid kung gaano na kalawak ang kanilang kaalaman sa bokabularyo sa mga salitang Tayabasin sa kabila ng sila ay nasa antas na ng SHS.

Hahatiin sa tatlong talatanungan ang gagawin ng mananaliksik. Ang una ay sa pamamagitan ng tseklis hinggil sa pananaw sa ginawang Pictographs ng mga Salitang Tayabasin batay sa layunin, kahulugan at kaangkupan ng larawan na may tig-sisiyam na aytem (9). Ang pangalawang bahagi ay kinabibilangan ng isang panimulang pagsusulit tungkol sa antas ng kasanayan ng mga mag-aaral hinggil sa kasanayan sa pagpapakahulugan sa paraang denotasyon at konotasyon sa mga salitang Tayabasin na mayroong tig-dalawampu na aytem (20). Ang ikatlong bahagi ay ang panapos na pagsusulit ng mga mag-aaral hinggil sa kasanayan sa pagpapakahulugan sa paraang Denotasyon at Konotasyon sa mga salitang Tayabasin na mayroong ding tig-dalawampu na aytem (20).

Ginamit ng mananaliksik ang nabuong Pictographs ng mga Salitang Tayabasin na may (150) mga Salitang Tayabasin, ito ay itinala ng mananaliksik sa pamamagitan ng: Una, pakikipanayan sa mga mag-aaral na sadyang tubong Tayabasin. Pangalawa ay sa pamamagitan ng sarbey. Pangatlo, hinggil sa paglalarawan sa bayan ng Tayabas, at pang-apat ay ang personal na kaalaman ng mananaliksik sa mga salitang lalawiganing-Tayabasin na karaniwan mismong ginagamit ng mananaliksik, panglima, mula sa mga nakalap na salita mula sa aklat, internet at mga pananaliksik at disertasyon. Ang paraang kanyang gagamitin sa pagtatala ng salitang lalawiganin na ginagamit ng Tayabasin ay di mapasubaliang wasto sapagkat tumutugma ito sa paniniwala ni Santiago mula sa aklat ni Arrogante (2011), na ang bawat pangkat ng mga taong may sariling kultura ay

lumilalang ng isang wika angkop sa kanilang pangangailangan. Ayon pa rin kay Santiago, walang wikang puro, bawat wika ay nanghihiram sa ibang wika at kapag patuloy itong ginagamit ito'y maaari niyang angkinin.

Ang ginamit na Pictographs ng mga Salitang Tayabasin na syang naging kagamitan sa pananaliksik, ang tseklis na nabuo, gayundin ang mga pagsusulit ay masusing dumaan sa mga taong may kasanayan at bihasa sa Asignaturang Filipino. Pumili ang mananaliksik ng anim na balideytors, tatlo para sa kagamitan at tatlo para sa talatanungan. Matapos na maibigay ng mga eksperto ang kanilang mga suhesyon at mungkahi, agad na sinuri ng mananaliksik ang ginawang balidasyon upang matukoy ang mga nais idagdag at alisin para sa ikagaganda ng pag-aaral. Ilan sa kanilang mga mungkahi hinggil sa Pictographs nng mga salitang Tayabasin ay ang pagsasaayos ng pormat kagaya ng *margin, spacing, font style, font size*, paglalagay ng pangalan ng gumuhit at pagsasaayos ng ilang mga kahulugang nakapaloob. Para naman sa mungkahi hinggil sa tseklis at pagsusulit, ilan sa kanilang mungkahi ang pagsasaayos ng konstruksyon ng pangungusap, pagiging konsistent sa mga salitang ginamit at pagsasaayos ng mga pormat. Matapos na marebisa at maayos ang kagamitan at talatanungan, muli itong pinasuri sa mga eksperto upang makita ang pinal na resulta at malaman ang pagiging organisado ng mga kagamitan upang mas maging balido ang kalalabasan ng pag-aaral.

Ang mananaliksik ay gumawa ng talatanungang tseklis na papasagutan sa grade 11 ng Luis Palad Integrated High School. Sa pagpapasagot hinggil sa pagtanggap ng animnapung mga mag-aaral sa Pictographs ng mga salitang Tayabasin. Ang talatanungan at nabuong Pictographs ay ipinasuri sa mga eksperto upang maisaalang-alang ang mga puna at kumento nang sa gayon ay maging epektibo ang pangangalap ng datos na kinakailangan sa ginawang pananaliksik.

Dumaan din ito sa *test reliability at pilot testing* upang malaman kung talaga bang epektibo ang nasabing kagamitan. Gamit ang Cronbach Alpha, may ilang mga katanungan sa tseklis na narebisa at nabawas. Pagkatapos nito ay muling ipinasagot sa ibang mag-aaral. At sa huli, lumabas na ang tatlong tseklis mula sa antas ng pananaw sa Layunin, Kahulugan at Kaangkupan ng Larawan na ginawa ng mananaliksik ay naging katanggap-tanggap. Ang mga mag-aaral na ginamit sa nasabing pagsusulit ay ang mga mag-aaral na hindi kabilang sa gagamitin ng mananaliksik. Matapos ang pagsasaayos, gumawa ng liham kahilingan mula sa punongguro ng paaralan ang mananaliksik upang maipamahagi at mapasagutan ang nagawang talatanungan.

Kasunod nito, ang pagpapakahulugang Denotasyon at Konotasyon na paunang pagsusulit ng animnapung mga mag-aaral. Ang pagsusulit na ito ay muling dumaan sa test reliability at pilot testing. Batay sa naging resulta, ito ay naging katanggap-tanggap din. Muli, ang ginamit na mga tagasagot dito ay ang mga mag-aaral na hindi gagamitin ng mananaliksik. Ang instrumento ay ibinihagi sa pamamagitan ng *Google Form* dahil ito ang pinakamadali at mabisang paraan ng pangangalap ng datos ngayong hindi pa pinapayagan ang face to face classes. Matapos magpasagot ng paunang pagsusulit, itinuro sa mga mag-aaral kaalinsabay ng pagbabasa at pag-alam sa mga kahulugan ng nabuong Pictographs. Dito natukoy ng mga mag-aaral ang kahulugan ng iba't ibang salitang Tayabasin pati ang kahulugan nito bilang pagpapakahulugang Denotasyon o mga salita na ang kahulugan ay nagmula sa diksyunaryo. Pagkatapos ng diskusyon, binigyan ng mananaliksik ang mga mag-aaral ng panapos na pagsusulit upang mabatid kung may makabuluhang pagkakaiba ba ang antas ng kanilang pagpapakahulugan batay sa kanilang nakuha sa paunang pagsusulit. Isinagawa ang pagkuha makalipas ang pitong araw pagkatapos na maibigay ng mananaliksik. Matapos masagutan ang mga talatanungan, agad itong nilikom at isa-isang itinala ang mga iskor at nakuhang sagot at saka nilapatan ng istatistikong pamamaraan upang masagot ang tiyak na katanungan mula sa pananaliksik na ito. Ang mga resulta ay binigyan ng interpretasyon ng mananaliksik sa tulong ng kanyang tagapayo. Mula rito ay nakabuo ng konklusyon at rekomendasyon ng pag-aaral na iniharap sa lupon ng pasalitang pagsusuri.

IV. RESULTA AT DISKUSYON

Talahanayan 4.1 Antas ng pagtanggap ng mga tagasagot sa Pictographs ng mga Salitang Tayabasin batay sa indikektor na Layunin.

Layunin	Mean	SD	Interpretasyon
1. Makatutulong ng malaki ang Pictographs na Glosaryo upang mas maunawaan ang kahulugan ng mga salitang Lalawiganing-Tayabasin.	4.40	0.62	KT
2. Magiging daan upang mas magkaunawaan ang mga Tayabasin lalo na sa bahagi ng mga mag-aaral lalo pa at sasamahan ng mga larawan.	4.42	0.62	KT

3. Mas mauunawaan ang mga kahulugan at gamit ng mga salitang Lalawiganing-Tayabasin.	4.07	0.76	KT
4. Makapagbibigay ng malinaw na pagpakahulugan gamit ang Denotasyon at Konotasyon.	3.90	0.88	KT
5. Magiging malinaw ang pakahulugan at pagpapahayag gamit ang mga salitang Lalawiganing-Tayabasin.	3.98	0.68	KT
6. Mapagkukunan ng mas detalyadong impormasyon hinggil sa salitang Lalawiganing-Tayabasin.	3.95	0.85	KT
7. Makapagbibigay ng bagong mga impormasyon lalo na sa mga bagong henerasyon na Tayabasin lalo't higit sa mga <i>visual learners</i> .	3.92	0.81	KT
8. Magagamit ang mga salita sa paraang Denotasyon at Konotasyon at mas magiging epektibo ang palitan ng mensahe.	4.25	0.70	KT
9. Makapanghihikayat na mas paigtingin ang paggamit ng salitang Lalawiganing-Tayabasin.	4.02	0.75	KT
Kabuuan	4.10	0.42	KT

Pananda: 4.50-5.00 Lubos na Katanggap-tanggap (LKT) 3.50-4.49 Katanggap-tanggap (KT) 2.50-3.49 Bahagyang Katanggap-tanggap (BKT) 1.50- 2.49 Di-Katanggap-tanggap (DKT) 1.0 – 1.49 Lubos na Di-Katanggap-tanggap (LDKT)

Ipinapakita sa unang talahanayan ang antas ng pagtanggap ng mga tagasagot sa indikektor na Layunin. Mapapansin na ang nasa ikalawang bilang na nagsasaad ng Magiging daan upang mas magkaunawaan ang mga Tayabasin lalo na sa bahagi ng mga mag-aaral lalo pa at sasamahan ng mga larawan ang nakakuha ng pinakamataas na mean iskor na 4.42 at SD na 0.62 na may interpretasyon na Katanggap-tanggap. Indikasyon ito na bagama't hindi naging lubos ang pagtanggap ng mga mag-aaral, nakuha pa rin ang nais malayon ng mananaliksik na matanggap at maging kawili-wili ang naging instrumento na sinamahan ng larawan kagaya ng nabuong Pictographs. Samantalang makikita naman sa bilang apat na nagsasad na Makapagbibigay ng malinaw na pagpakahulugan gamit ang Denotasyon at Konotasyon. ang may pinakamababang mean iskor na 3.90 at SD 0.88 na nangangahulugang Katanggap-tanggap. Nangangahulugan ito na sapat lamang ang mga layuning ginamit at naging sapat ito lalo na sa pagpapakahulugang Denotasyon at Konotasyon bilang gabay sa kung ano ang dapat nilang matamo matapos basahin ang pagpapakahulugan sa mga salita.

Sa kabuuan, nakakuha ang indikektor na Layunin ng *over all mean score* na 4.10 at 0.42 na SD na nangangahulugan na ang indikektor na Layunin ay Katanggap-tanggap. Ito ay nangangahulugan na sumasang-ayon ang mga tagasagot na sa pamamagitan ng Pictographs ng mga Salitang Tayabasin ay nakakamit ang tunguhin o mithiin na kailangang makamit at maisakatuparan na may kaakibat na pagkilos. Sa anumang gawain, mahalaga na ang bawat indibidwal ay may layunin sapagkat ito ang kanyang magiging tanglaw sa anumang gawain. Layuning makamit ang pagtanggap at paggamit sa ginagawang instrumento patungo sa madaling pagkatuto ng mga mag-aaral.

Umaakma ito sa pag-aaral na isinagawa ni Barquilla, (2015), lumabas sa kanyang pag-aaral na naging katanggap-tanggap ang kanyang naging layunin hinggil sa antas ng pagtanggap ng mga mag-aaral sa mga salitang Candelariahin. Ayon pa sa kanya, dapat na naihayag nang malinaw sa mga tagasagot ang mga layunin at nais na makamit sa anumang pag-aaral. Mas nagiging tiyak sa bawat tagasagot ang mga tunguhin na nais makamit.

Talananayan 4.2 Antas ng pagtanggap ng mga tagasagot sa Pictographs na ng mga Salitang Tayabasin batay sa indikektor na Kahulugan

Kahulugan	Mean	SD	Interpretasyon
1. Wasto ang pagbibigay ng mga kahulugan sa bawat salitang Lalawiganing-Tayabasin.	4.40	0.62	KT
2. Maliwanag ang pagpapahayag ng bawat kahulugan.	4.42	0.62	KT

3.	Payak ang mga salitang ginamit sa pagpapakahulugan.	4.07	0.76	KT
4.	Madaling maunawaan ang mga kahulugan lalo't higit sa bahagi ng mga hindi Tayabasin.	3.90	0.88	KT
5.	Magaan ang pagpapakahulugan at walang paligoyligoy.	3.98	0.68	KT
6.	Madaling matandaan ang pagpapakahulugan.	3.95	0.85	KT
7.	Madaling gamitin sa pagbibigay ng pangungusap ang mga kahulugang ginamit.	3.92	0.81	KT
8.	Organisado ang pagkakabalangkas ng pagpapakahulugan.	4.25	0.70	KT
9.	Hindi mabulaklak ang mga kahulugan at hindi rin nagdudulot ng ka lituhan.	4.02	0.75	KT

Kabuuan	4.10	0.42	KT
---------	------	------	----

Pananda: 4.50-5.00 Lubos na Katanggap-tanggap (LKT) 3.50-4.49 Katanggap-tanggap (KT) 2.50-3.49 Bahagyang Katanggap-tanggap (BKT) 1.50- 2.49 Di-Katanggap-tanggap (DKT) 1.0 – 1.49 Lubos na Di-Katanggap-tanggap (LDKT)

Ipinapakita sa talahanayan dalawa ang antas ng pagtanggap ng mga tagasagot sa indikektor na Kahulugan. Mapapansin na ang nasa ikalawang bilang na nagsasaad ng Maliwanag ang pagpapahayag ng bawat kahulugan ang nakakuha ng pinakamataas na mean iskor na 4.42 at SD na 0.62 na may interpretasyon na Katanggap-tanggap. Indikasyon ito na hindi lubhang tinanggap ng mga mag-aaral ang pagpapakahulugan ng mananaliksik. Sa kabila nito, ang ginamit ng mananaliksik na mga kahulugan sa Pictographs ng mga Salitang Tayabasin ay naging maliwanag pa rin sa bahagi ng mga mag-aaral. Samantalang makikita naman sa bilang apat na nagsasad na Madaling maunawaan ang mga kahulugan lalo't higit sa bahagi ng mga hindi Tayabasin ang nakakuha ng may pinakamababang mean iskor na 3.90 at SD na 0.88 na nangangahulugang Katanggap-tanggap. Nangangahulugan ito na ang mga kahulugan ay madaling maunawaan sa bahagi ng Tayabasin subalit may bahagyang kalituhan pa rin sa bahagi ng mga mag-aaral na hindi Tayabasin kung kaya ito ang nakakuha ng pinakamababang mean.

Sa kabuuan ang indikektor na kahulugan ay nakakuha ng *over all mean score* na 4.10 at SD na 0.42 na nangangahulugang ang indikektor na Kahulugan ay Katanggap-tanggap. Ito ay implikasyon na sumasang-ayon ang mga mag-aaral na naiintindihan nila ang kahulugan ng mga salitang Tayabasin na ginamit sa Pictographs. Nauunawaan nila kung papaano nila mabibigyang kahulugan ang isang salita at kung paano gagamitin ang mga salita sa kaparaanang denotasyon at konotasyon.

Sinang-ayunan ito ng isinagawang pag-aaral ni Javier (2017), lumabas sa kanyang pag-aaral na Katanggap-tanggap din lamang ang pagtanggap ng mga tagasagot sa mga Salitang Candelariahin batay sa kahulugan. Ipinakita sa resulta ng kanyang pag-aaral na ang mga salitang Candelariahin na kanyang ginamit sa pag-aaral ay naging malinaw sa mga mag-aaral. Ang mga kahulugan na kanyang ginamit ay nakatulong upang mas maging bukas ang mata ng mga mag-aaral sa paggamit ng kanilang sariling wika

Talahanayan 4.3 Antas ng pagtanggap ng mga tagasagot sa Pictographs ng mga Salitang Tayabasin batay sa indikektor na Kaangkupan ng Larawan.

	Kaangkupan ng Larawan	Mean	SD	Interpretasyon
1.	Angkop ang mga larawang ginamit sa mga salita.	4.42	0.62	KT
2.	Malinaw ang mensahe ng bawat larawan.	4.40	0.62	KT
3.	Nauunawaan agad ang mga larawang ginamit.	4.08	0.77	KT
4.	Sakto ang laki ng bawat larawan na ginamit.	3.90	0.82	KT
5.	Hindi nagdudulot ng kalituhan ang mga larawan sa Glosaryo.	3.98	0.70	KT

6.	Buo ang mensahe ng bawat larawan at hindi nag-iiwan ng kalituhan.	4.00	0.84	KT
7.	Hindi naging sagabal ang larawan upang mas maunawaan ang mga salitang Tayabasin.	3.97	0.80	KT
8.	Detalyado ang ibinibigay ng bawat larawan.	4.22	0.72	KT
9.	Kaaya-aya sa paningin ang mga larawang ginamit.	4.02	0.72	KT
Kabuuhan		4.11	0.41	KT

Pananda: 4.50-5.00 Lubos na Katanggap-tanggap (LKT) 3.50-4.49 Katanggap-tanggap (KT) 2.50-3.49 Bahagyang Katanggap-tanggap (BKT) 1.50- 2.49 Di-Katanggap-tanggap (DKT) 1.0 – 1.49 Lubos na Di-Katanggap-tanggap (LDKT)

Ipinapakita sa talahanayan tatlo ang antas ng pagtanggap ng mga tagasagot sa indikeyor na Kaangkupan ng Larawan. Mapapansin na ang nasa unang bilang na nagsasaad ng Angkop ang mga larawang ginamit sa mga salita ang nakakuha ng pinakamataas na mean iskor na 4.42 at SD na 0.62 na nangangahulugang Katanggap-tanggap. Indikasyon ito na naging akma ang mga larawang ginamit sa nasabing kagamitan. Hindi man ito lubusang tinanggap ay masasabing wasto at walang naging kalituhan sa mga bahagi ng mga mag-aaral. Samantalang makikita naman sa bilang apat na nagsasad na Saktong laki ng bawat larawan na ginamit ang nakakuha ng may pinakamababang mean iskor na 3.90 at SD na 0.82 na nangangahulugang Katanggap-tanggap. Indikasyon ito na hindi lubos ang ang naging pagtanggap ng mga mag-aaral sa laki ng mga larawang ginamit. Marahil sa kadahilangang ang mananaliksik ay gumamit ng photo copy sa pagbuo ng Pictographs kaya hindi nila masyado naunawaan ang larawan at ninais na ito'y nangangailangang palakihan.

Sa kabuuhan, ang indikeyor na Kaangkupan ng Larawan ay nakakuha ng *over all mean score* na 4.11 at 0.41 na SD kaya sa kabuuhan ang indikeyor na Kaangkupan ng Larawan ay Katanggap-tanggap sa mga mag-aaral. Ipinapakita nito na ang lahat ng larawan na ginamit sa Pictographs ng mga Salitang Tayabasin ay hindi ganuon lubos na katanggap-tanggap subalit ito naman ay naging angkop at hindi nagpapakita ng kalituhan sa mga tagasagot. Ang pagiging kawastuhan sa mga larawan na naghahatid ng mensahe para sa lahat ay sinasang-ayunan ng mga mag-aaral. Tumutugma ang mga larawan sa mga salitang Tayabasin patungo sa mabilis na pagkaunawa ng mga mag-aaral.

Tumutugma ito sa isinagawang pag-aaral ni Impreso (2015), lumabas sa kanyang pag-aaral na naging epektibo ang mga larawang kanyang ginamit sa kanyang kagamitang Pop-up Story Books upang mas maunawaan ng mga mag-aaral ang aralin sa asignaturang Filipino. Bukod sa ito ay kinawilihan, mas naging kaganyak-ganyak din ang daloy ng talakayan sapagka't naging angkop ang mga larawang ginamit.

Ang bahaging ito ay nagpapakita ng antas ng kasanayan ng mga tagasagot sa pagpapakahulugang Denotasyon. Nakuha ang kasanayan ng mga tagasagot sa pamamagitan ng pagsasagot sa *Google Forms* na nakapaloob ang mga salitang nasa Pictographs ng mga Salitang Tayabasin.

Talahanayan 4.4 Antas ng kasanayan ng mga tagasagot sa sa pagpapakahulugang Denotasyon.

Marka	Denotasyon				Interpretasyon
	Panimula		Panapos		
	f	%	f	%	
16-20	18	30.0	39	65.0	Katangi-tangi
11-15	9	15.0	15	25.0	Ganap
6-10	25	41.7	5	8.3	Katamtaman
1-5	8	13.3	1	1.7	Nangangailangan ng Pagsasanay
Total	60	100.0	60	100.0	

Makikita sa talahanayan apat ang resulta ng pag-aaral na sa paunang pagsusulit na ang dalawampu't lima na mag-aaral na 41.7% ng kabuuhan ang nakakuha ng interpretasyon na Katamtaman. Ito ay indikasyon na sa pagpapakahulugang Denotasyon o pagpapakahulugang mula sa diksyunaryo ay marami sa mga mag-aaral ang nakakuha ng interpretasyong katamtaman. Subalit mapapansin din na mayroong labing-walo na mag-aaral o 30% ang nakakuha ng interpretasyong Katangi-tangi. Ibig sabihin lamang nito na bago gamitin ang pictographs

ay may ilan na sa mga mag-aaral ang lubos ang pagkaunawa sa denotasyong pagpapakahulugan ng salitang Tayabasin. Maaaring ang naging dahilan ay karamihan sa mga salita ay araw-araw nilang ginagamit na ang pakahulugan ay batay sa denotasyon. Subalit may walo o 13.3% ng kabuuan ang nakakuha ng interpretasyong nangangailangan ng pagsasanay. Ipinapabatid lamang nito na sa kabila na ang karamihan sa mga salita ay nagagamit sa pang-araw-araw ay hindi pa rin nila naiintindihan ang ibig sabihin nito. Batay sa resulta, ang mga mag-aaral na kabilang dito ay may mababang ideya sa pagpapakahulugan denotasyon.

Tumutugma ito sa pananaliksik na ginawa ni Isabedra (2016), nabanggit niya na Katamtaman lamang ang lebel ng paggamit ng mga salitang kolokyal o mga salitang nagagamit lamang sa sariling bayan sa pagpapakahulugan ng mga salita. Kung ninanais na mapataas ang kanilang mga marka ay kailangang bigyan ang mga ito ng mga pagsasanay sapagkat mas ninanais pa rin ng mga mag-aaral ang paggamit ng mga salitang pormal o pambansa.

Samantalang sa pagkatapos na pagsusulit ay kitang-kita ang paglobo ng bilang nito na nakuha ng tatlungpung siyam na mga mag-aaral o 65% ng kabuuan ang nakakuha ng interpretasyon na Katangi-tangi. Kapansin-pansin din ang pagtaas ng bilang ng mga mag-aaral na nasa ganap na antas na may 25 %. Indikasyon ito na naging epektibo sa mga mag-aaral ang paggamit ng Pictographs ng mga Salitang Tayabasin. Mas napaghuhusay ng mga mag-aaral ang mga aralin kung may sapat na materyal na ginagamit upang makatulong sa kanilang performans. Tumutugma ito sa kinalabasan ng pag-aaral nina Cordenete at Macaldao (2020) na naging kapaki-pakinabang ang paggamit ng kanyang nabuong materyal na interaktibong modyul sa mga mag-aaral dahil sa pagtatamo ng mga ito ng mataas na karunungan kumpara sa tradisyonal na pagtuturo. Sa tulong ng nabuong materyal sa pagtuturo, mas nagiging interaktibo ang daloy ng talakayan at mas tumataas ang antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral.

Ngunit, makikita rin na may isang mag-aaral ang kabilang sa nangangailangan ng pagsasanay. Maaaring nakaapekto ang pokus sa pagsasagot sapagkat kabilang ito sa seksyon na nangangailangan ng lubos na paggabay. Akma ito sa sinabi ng European Training Foundation (2020), Isa sa malaking hamon sa mga guro ngayong panahon ng pandemya ay ang kawalan ng *face to face*. Ang mga pagsubok sa paggamit sa mga makabagong teknolohiya, wastong pagbibigay ng panuto at akmang pagsasagot ay talagang nangangailangan ng gabay ng guro. Kung kaya, marapat na natitiyak ng guro na ang mga mag-aaral ay nananatiling nakatuon sa pagsasagot sa mga gawaing pagkatuto upang hindi mawala ang kanilang motibasyon sa pag-aaral.

Ang bahaging ito ay nagpapakita ng antas ng kasanayan ng mga tagasagot sa pagpapakahulugan Konotasyon. Nakuha ang kasanayan ng mga tagasagot sa pamamagitan ng pagsasagot sa *Google Forms* na nakapaloob ang mga salitang nasa Pictographs ng mga Salitang Tayabasin

Talahanayan 4.5 Antas ng kasanayan ng mga tagasagot sa pagpapakahulugan Konotasyon.

Marka	Konotasyon				Interpretasyon
	Panimula		Panapos		
	f	%	f	%	
16-20	35	58.3	49	81.7	Katangi-tangi
11-15	18	30.0	10	16.7	Ganap
6-10	7	11.7	1	1.7	Katamtaman
1-5	--	--	--	--	Nangangailangan ng Pagsasanay
Total	60	100.00	60	100.00	

Makikita sa talahanayan lima ang resulta ng pag-aaral na sa paunang pagsusulit na ang tatlungpung lima na mag-aaral o 58.3% ng kabuuan ang nakakuha ng interpretasyon na Katangi-tangi. Kitang-kita sa resulta na walang mag-aaral ang nakakuha ng nangangailangan ng pagsasanay. Nangangahulugan ito na mataas na ang kaalaman ng mga mag-aaral sa pagpapakahulugan Konotasyon o kahulugan ng mismong Salitang Tayabasin. Indikasyon ito na ang mga mag-aaral ay pamilyar na sa mga salita sa bayang kanilang sinilangan. Samantalang sa panapos na pagsusulit, makikita ang labis na pagtaas ng bilang ng mga mag-aaral na nakakuha ng interpretasyon na Katangi-tangi na may 81.7%. Batay sa resulta, bagama't mataas na ang kaalaman ng mga mag-aaral sa paunang pagsusulit, hindi mapasusubalian na labis na lumobo ang bilang nito sa pagkatapos na pagsusulit. Indikasyon ito na labis na nakatulong nang malaki ang kagamitang Pictographs ng mga Salitang Tayabasin upang mas lalong tumaas ang kanilang marka. Bukod dito ay masisilayan din na wala ring mag-aaral ang nakakuha ng interpretasyong nangangailangan ng pagsasanay. Nangangahulugan din ito na talagang

mainam ang paggamit ng mga kaaya-ayang materyal upang mas lalong tumaas ang antas ng pagpapakahulugan ng mga mag-aaral.

Umakma ito sa pag-aaral na isinagawa ni Javier (2017), ipinapakita sa resulta ng kanyang pag-aaral na lubos na mataas na ang kaalaman ng mga mag-aaral sa pagpapakahulugan sa mga Salitang-Candelaria. Ipinapakita sa kanyang pag-aaral na mataas na ang kaalaman ng mga ito sa pagpapakahulugan kung saan ang mga salitang ginamit ay nagpapakahulugan at nagpapakilala sa kultura ng bayan ng Candelaria. Naging epektibon ang kanyang instrumento na glosaryo ng salitang Candelariahin sapagkat mas tumaas ang kaalaman ng mga mag-aaral. Sa madaling sabi, mas naging malawak ang kaalaman at pagpapakahulugan ng mga ito simula ng may magamit silang isang glosaryo na makatutulong sa kanila.

Ang bahaging ito ay nagpapakita ng makabuluhang pagkakaibang antas ng pagpapakahulugan ng mga mag-aaral bago at pagkatapos ng pagpapakahulugang Denotasyon at Konotasyon.

Talahanayan 4.6 Makabuluhang pagkakaiba ng antas ng pagpapakahulugang Denotasyon at Konotasyon ng mga mag-aaral bago at pagkatapos na pagsusulit.

Pagpapakahulugan	Test	Mean	SD	Makabuluhang Pagkakaiba				t	Sig.	Interpretation
				Mean	SD	95% CI of the Difference				
						Lower	Upper			
Denotasyon	Pre-test	11.20	5.29	-4.77	5.20	-6.111	-3.423	-7.097	0.000	Significant
	Post-test	15.97	3.79							
Konotasyon	Pre-test	15.35	3.51	-2.12	3.27	-2.962	-1.271	-5.009	0.000	Significant
	Post-test	17.47	2.35							

Ipinapakita sa talahanayan anim ang pagkakaiba ng antas ng pagpapakahulugan ng mga mag-aaral bago at pagkatapos ng pagpapakahulugang Denotasyon at Konotasyon. Mapapansin na sa pagpapakahulugang Denotasyon ay nakakuha ng $p=0.000$ na nangangahulugang may makabuluhang pagkakaiba ang Pictographs ng mga Salitang Tayabasin sa pagpapakahulugang Denotasyon bago at pagkatapos na pagsusulit. Gayundin sa pagpapakahulugang Konotasyon. Ito ay nakakuha ng $p=0.000$ na nagpapakita na may makabuluhang pagkakaiba ang Pictographs ng mga Salitang Tayabasin sa pagpapakahulugang Konotasyon bago at pagkatapos na pagsusulit.

Ipinapakita sa resulta ng pag-aaral na masasabing malaki ang naitulong ng ginamit na instrumentong Pictographs upang mas lumawak ang kanilang kaalaman sa pagpapakahulugan hindi lamang sa sariling wika sa bayan ng Tayabas maging sa pagpapakahulugang nagmula sa diksyunaryo.

Akma ang resulta sa pag-aaral na isinagawa ni Reyes (2018) na mayroong naging malaking papel ang kanyang nagawang diksyunaryong Tayabasin sapagkat tumaas ang kaalaman ng mga mag-aaral sa kanilang bokabularyo. Ang paglikha ng mga inobatibong talahanayan ng mga salita at pagbibigay kahulugan ang isa sa mga susi upang mas lalong tumaas ang kanilang kaalaman at mas magkaroon ng interes ang mga mag-aaral na pag-aralan ang wikaing nasa sariling bayan.

Ang bahaging ito ay nagpapakita ng makabuluhang ugnayan ng Pictographs na Glosaryo ng Salitang Tayabasin sa Pagpapakahulugang Denotasyon at Konotasyon sa pagbuo ng Pangungusap.

Talahanayan 4.7 Makabuluhang ugnayan ng Pictographs ng mga Salitang Tayabasin sa Pagpapakahulugang Denotasyon at Konotasyon.

Pictographs na glosaryo ng salitang Tayabasin	Pagbuo ng pangungusap batay sa	
	Denotasyon	Konotasyon
Layunin	-.202	-.075
Kahulugan	-.183	.020
Kaangkupan ng Larawan	.064	.0116

Ipinapakita sa talahanayan pito ang kaugnayan ng antas ng pagtanggap ng mga mag-aaral sa pictographs ng salitang Tayabasin at antas ng kasanayan sa Pagpapakahulugang denotasyon at konotasyon. Batay sa kinalabasan ng pag-aaral, napag-alaman na ang antas ng pagtanggap sa Pictographs ng mga Salitang Tayabasin ay walang makabuluhang kaugnayan sa Pagpapakahulugang Denotasyon at Konotasyon. Marahil ang pagpili ng sampling technique ang isa sa mga dahilan kung bakit lumabas sa pag-aaral na walang makabuluhang ugnayan. Bagama't lumabas na wala itong makabuluhang kaugnayan, mapapansin sa mga nakatalang iskor sa talahanayan na humusay ang mga mag-aaral sa kagamitang nabuo na Pictographs.

Tumutugma ito sa pag-aaral ni Javier (2017) na tumaas ang kaalaman sa pagpapakahulugan ng mga mag-aaral sa mga salitang Lalawigang-Candelaria. Ayon sa kinalabasan ng kanyang pag-aaral, ito ay tumugma ang kanyang haypotesis na wala ring makabuluhang kaugnayan ang paggamit ng salitang Lalawiganing-Candelaria sa pagsulat ng Komposisyon ng mga mag-aaral.

Gayundin sa pag-aaral na ginawa nina Banagan at Libantino (2014), lumalabas walang makabuluhang kaugnayan ang pananaw sa binasang mga akda at kaalaman sa matatalinghagang salita ang mga mag-aaral. May mataas na pananaw ang mga mag-aaral sa kanilang binasang mga pahayag mula sa mga akda ngunit may napakababang kaalaman sa mga matatalinghagang salita.

Ang isa sa katangian ng wika ay ang pagiging dinamiko nito. Ito aynangangahulugan na ang wika ay nagbabago at umuunlad sa paglipas ng panahon. Sa kasalukuyan ay kitang-kita ang katangiang ito ng wika. Palasak napalasalak ang paggamit ng iba't ibang mga likhang salita sa Filipino na bigla nalamang nagsusulputan, nangyayari ito sapagkat kailangan din ng wika nasumabay sa pagbabagong nagaganap sa mundo,

Maipapakita ang pagpapahalaga sa mga tradisyon paniniwala o kultura ngisang lugar na kinalakihan kapag patuloy itong ginamit sa pang-araw-araw nabuhay at hindi ikakahiyang aminin na ito ang ating kultura at paniniwala. Mahalaga na gamitin at isabuhay pa rin ang mga tradisyon at paniniwalasapagkat ito lamang ang tanging paraan upang mas mapalago at mapagyabongang kulturang kinagisnan at pinagmulan. Kapag patuloy itong ginagamit ay tiyakna mas lalo pa itong mapauunlad at tiyak na makikinabang ang lahat kapagumunladpanglaloangatingmgakultura.

V. KONKLUSYON

Batay sa kinalabasan ng pag-aaral, nabuo ang mga sumusunod na konklusyon; 1) sapat ang istatikal na ebidensya upang tanggihan ang hinuha na walang makabuluhang pagkakaiba ang ang antas ng pagpapakahulugang denotasyon at konotasyon ng mga mag-aaral bago at pagkatapos na pagsusulit. kung kaya't hindi nasuportahan ang hinuha at; 2) hindi sapat ang istatikal na ebidensya upang tanggihan ang hinuha na walang makabuluhang kaugnayan ang Pictographs ng mga Salitang Tayabasin sa Pagpapakahulugang Denotasyon at Konotasyon. Kung kaya't ang hinuha ay mananatili.

Batay sa mga natuklasan at konklusyon, nais imungkahi ng mananaliksik ang mga sumusunod na rekomendasyon; 1) ang mga namumuno at guro ay hinihimok na bumuo ng mga kaaya-ayang glosaryo at mga talahulugan ng mga salita. Ito ay makatutulong sa mga mag-aaral upang patuloy na mapagyamanan ang mga salita sa sariling bayan at mahubog ang mas malawak na talasalitaan at pagkaunaa sa mga salita na makatutulong sa mabisang pakikipagtalastasan; 2) magkaroon ng palagiang pagsasanay gamit ang mga kahulugan upang mas mapaunlad pa ang pagpapakahulugan ng mga mag-aaral batay sa denotasyon at konotasyon 3) bumuo ng pictographs at iba pang kagamitan na makapagbibigay benepisyo hindi lamang sa pagtuturo ng asignaturang Filipino kundi isang kagamitang magiging kapaki-pakinabang rin sa ibang asignatura at; 4) sa susunod pang mananaliksik, sana ay mapalawig pa nila ang pag-aaral na ginawa at minumungkahi na gumamit ng iban sampling technique tulad ng random sampling upang mapagtibay ang resultang nabanggit. Bigyang pansin ang mga baryabol na hindi nabanggit sa pag-aaral na ito na makatutulong upang mapataas ng mga mag-aaral ang kanilang mga performans sa pag-aaral.

SANGGUNIAN

Aklat:

- [1] Mabilin, E. R. (2015) *Transpormatibong komunikasyon sa Akademikong Filipino*. Malabon City : Mutya Publishing House, Inc

Tesis:

- [2] Barquilla, Almira A. (2015). *Kamalayan at Pagtanggap sa mga salitang-Tayabasin: Isang Pagsusuri sa Pagpapaunlad ng Wika at Kultura*. (Master's Thesis). Laguna State Polytechnic University, San Pablo City
- [3] Javier, Shierly P. (2017) *Kamalayan sa mga Salitang Lalawiganing-Candelaria at Kaugnay sa pagsulat ng Komposisyon ng mga mag-aaral sa Filipino*. (Master's Thesis). Laguna State Polytechnic University San Pablo City.
- [4] Impreso, C. (2015). *Paggamit ng Pop-up Story Books para sa Pagtuturo ng Maikling Kwento ng mga Mag-aaral sa Ikatlong Taon ng DMDPNHS, T.P. 2014-2015*. (Di-limbag na tesis sa Pambayang Kolehiyo ng Mauban).
- [5] Isabedra, Princess. (2016). *Kamalayan at Kasanayan sa Gamit ng Salitang Kolokyal at Balbal: Pagpapaunlad sa kakayahang Pangkomunikatibo sa Filipino*. (Master's Thesis). Laguna State Polytechnic University San Pablo City.
- [6] Banagan, J. at Libantino, A. (2014). *Pananaw at Kaalaman sa Wikang Lalawiganin ng mga Mag-aaral sa Ikatlong Taon ng DMDPNHS, T.P. 2013-2014*. (Di-limbag na tesis sa Pambayang Kolehiyo ng Mauban).

Elektroniko:

- [7] Teachers play an important role in boosting learners engagement education affected. Hinango mula sa <https://www.etf.europa.eu/en/news-and-events/news/teachers-play-important-role-boosting-learners-engagement-education-affected>